# {Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, ano po ang kaligtasan?" Nagsabi siya: "Pigilan mo sa iyo ang dila mo, magkasya sa iyo ang bahay mo, at umiyak ka dahil sa kasalanan mo."}

Ayon kay `Uqbah bin `Āmir (malugod si Allāh sa kanya): {Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, ano po ang kaligtasan?" Nagsabi siya: "Pigilan mo sa iyo ang dila mo, magkasya sa iyo ang bahay mo, at umiyak ka dahil sa kasalanan mo."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy at Imām Aḥmad]

Nagtanong si `Uqbah bin `Āmir (malugod si Allāh sa kanya) sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa mga kadahilanan ng kaligtasan ng mananampalataya sa Mundo at Kabilang-buhay? Kaya nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Manatili ka sa tatlong bagay: Una. Ingatan mo ang dila palayo sa anumang walang kabutihan doon at palayo sa pagsasabi ng bawat kasamaan at huwag kang bumigkas kundi ng mabuti. Ikalawa. Manatili ka sa bahay mo upang sumamba ka kay Allāh sa sandali ng mga pag-iisa, magpakaabala ka sa pagtalima kay Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan), at bumukod ka sa bahay mo palayo sa mga sigalot (fitnah). Ikatlo. Umiyak ka, magsisi ka, at magbalik-loob ka palayo sa nagawa mo na mga pagkakasala.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee